

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Simili at Metapora

Kakayahan: Natutukoy ang anyo ng tayutay (simili o metapora) na isinasaad sa pangungusap.

Isulat sa patlang ang titik **S** kung **simili** o titik **M** kung **metapora** ang isinasaad sa pangungusap.

- ___ 1. Gabahay ang laki ng tambak na basura sa Smokey Mountain.
- ___ 2. Ang mga ina ay ilaw ng kanilang mga tahanan.
- ___ 3. Habang siya'y nasa bilangguan, si Ricardo ay isang agila na pinutulan ng mga pakpak.
- ___ 4. Animo'y gatas sa kaputian ang mga ngipin ni Diana.
- ___ 5. Ang yakap nina Nanay at Tatay ay aking kumot sa gabi.
- ___ 6. Ang mga manggagawa sa pabrika ay kasinsipag ng mga langgam.
- ___ 7. Mala-porselana ang kutis ng mga dalaga.
- ___ 8. Higante si Marlon kapag itinabi mo siya kay Marco.
- ___ 9. Parang palaka kung tumalon ang batang malusog at maliksi.
- ___ 10. Ang utak ng bata ay espongha na sumisipsip ng impormasyon mula sa kanyang kapaligiran.
- ___ 11. Dati-rati ay maraming bata sa tahanan ni Ginang Candelaria ngunit ito ngayon ay isang pugad na walang laman.
- ___ 12. Simbilis ng hangin kung kumalat ang tsismis sa bayan natin.
- ___ 13. Ang mga mamamayan na walang pinuno ay parang mga pasahero ng isang bus na walang tsuper.
- ___ 14. Kapag galit ang Tatay ko, ang boses niya ay kulog na dumadagundong sa aming bahay.
- ___ 15. Ang sikmura ni Gerald ay isang napakalalim na hukay.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Simili at Metapora (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang anyo ng tayutay (simili o metapora) na isinasaad sa pangungusap.

Isulat sa patlang ang titik **S** kung **simili** o titik **M** kung **metapora** ang isinasaad sa pangungusap.

- S 1. Gabahay ang laki ng tambak na basura sa Smokey Mountain.
- M 2. Ang mga ina ay ilaw ng kanilang mga tahanan.
- M 3. Habang siya'y nasa bilangguan, si Ricardo ay isang agila na pinutulan ng mga pakpak.
- S 4. Animo'y gatas sa kaputian ang mga ngipin ni Diana.
- M 5. Ang yakap nina Nanay at Tatay ay aking kumot sa gabi.
- S 6. Ang mga manggagawa sa pabrika ay kasinsipag ng mga langgam.
- S 7. Mala-porselana ang kutis ng mga dalaga.
- M 8. Higante si Marlon kapag itinabi mo siya kay Marco.
- S 9. Parang palaka kung tumalon ang batang malusog at maliksi.
- M 10. Ang utak ng bata ay espongha na sumisipsip ng impormasyon mula sa kanyang kapaligiran.
- M 11. Dati-rati ay maraming bata sa tahanan ni Ginang Candelaria ngunit ito ngayon ay isang pugad na walang laman.
- S 12. Simbilis ng hangin kung kumalat ang tsismis sa bayan natin.
- S 13. Ang mga mamamayan na walang pinuno ay parang mga pasahero ng isang bus na walang tsuper.
- M 14. Kapag galit ang Tatay ko, ang boses niya ay kulog na dumadagundong sa aming bahay.
- M 15. Ang sikmura ni Gerald ay isang napakalalim na hukay.